REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-199

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG PAGBEBENTA NG LUPA SA MGA MATAGAL NG NANINIRAHAN SA PRINZA, POBLACION, MUNTINLUPA SA LUPANG KANILANG TINITIRIKAN NG BAHAY NG MATAGAL NG PANAHON NA PAG-AARI NG GOBYERNO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang serbisyong pagpapabahay ay isa sa mga pangunahing tungkulin na ipinatutupad ng pamahalaan;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng sariling lupa't bahay ay malaking kaganapan sa pamumuhay ng isang pamilya;

SAPAGKAT, ang mga naninirahan sa Prinza, Barangay Poblacion, Muntinlupa ay mahigit sa apatnapung taon na ditong itinayo ang kanilang mga bahay at binuo ang kani-kanilang pamilya tungo sa kasalukuyang henerasyon nila;

SAPAGKAT, ang mga naninirahan sa Prinza ay nakatakdang magbayad sa kaukulang halaga ng lupa alinsunod sa halaga ng tasa ng Tanggapan ng Tagatasang Pambayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang mga pamamaraan at kondisyones ay itatalaga at ihahanda ng Tanggapan ng Legal ng pamahalaang bayan para sa pagbabayad ng mga nabanggit na lupa ng mga taga-Prinza;

SAPAGKAT, ang kaganapan na maging pag-aari ng mga taga-Prinza ang kanilang lupa't bahay ay mababago ang kanilang kaisipan na sila ay dayuhan o iskuwater sa bayan na kanilang piniling tirhan at pamuhayan habang-buhay.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na pinagtitibay ang pagbebenta ng lupa sa mga matagal ng naninirahan sa Prinza, Poblacion, Muntinlupa sa lupang kanilang tinitirikan ng bahay ng matagal ng panahon na pag-aari ng gobyerno.

PINAGTIBAY, ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 161 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-1 ng Hulyo 1991 sa bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts